ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 2
January 21, 2020
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Lumalalim na mga kontradiksyon sa natitirang dalawang taon ni Duterte

Layunin ni Duterte na palawigin ang kanyang poder. Subalit dahil mahigit dalawang taon na lang ang nalalabi sa kanya, mahihirapan na siyang ipatupad ang anumang iskema. Subsob ang rehimen sa malubhang krisis sa pulitika na lalo pang sisidhi sa pagkahigop ng naghaharing sistema sa proseso ng transisyong pampulitika sa eleksyong 2022. Upang matamo ang kanyang kahibangang ala-Marcos, kakailanganing gumamit ni Duterte ng mas madudugong paraan ng panunupil.

Isagad man ng rehimeng Duterte ang populistang pangangako, hindi na mababaligtad ang pampulitikang pagkahiwalay nito. Ito ay dahil sa tuluy-tuloy na paglala ng kalagayang sosyo-ekonomiko, laganap na ekstrahudisyal na mga pagpatay, mga abusong pulis at militar, sagad-sagarang korapsyon, at pagpapakatuta sa dayong mga amo. Dahil sa sitwasyon, lalong lumalakas ang loob ng malapad na hanay ng mga pwersang anti-Duterte na kumilos para biguin ang kanyang mga iskema at sikaping patalsikin siya sa lalong madaling panahon.

Sa kabila ng kanyang mga taktikang tiraniko at pagpapailalim ng militar at pulis sa personal na kontrol, hindi pa rin nakukumpleto ni Duterte ang planong sarilinin ang estado poder. Matapos ang mahigit tatlong taon sa Malacañang, hindi pa natuloy ang planong *charter*

*"Lumalalim...," sundan sa pahina 2*

## 11 kaswalti, tinamo ng RPA-ABB sa Panay

NAGTAMO ANG BANDIDONG grupo na Revolutionary Proletarian Army-Alex Boncayao Brigade (RPA-ABB) ng 11 kaswalti sa dalawang magkasunod na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Southern Panay sa loob lamang ng tatlong araw ngayong buwan.

Noong Enero 12, inambus ng Mount Napulak Command ang isang iskwad ng RPA-ABB sa Barangay Camia, San Joaquin, Iloilo. Isa ang patay at tatlong iba pa ang sugatan sa panig ng mga bandido. Nakumpiska mula sa kanila ang isang granada, magasin at mga bala.

Tatlong araw pagkatapos nito, tinambangan ng mga Pulang mandirigma ng Napoleon Tumagtang Command ang isang platun ng RPA-ABB sa Barangay Cunsad, Alimodian, Iloilo. Lima ang patay

*"11 kaswalti...," sundan sa pahina 3*

*"Lumalalim...," mula sa pahina 1*

*change* dahil sa hidwaan sa hanay ng kanyang pangkating pampulitika at matamang paglaban sa tunay na layunin ng kanyang proyektong "pederalismo."

Mahigit tatlong taon nang walang patumanggang ginamit ni Duterte ang madugong kampanya ng mga pagpatay para sindakin ang bayan. Isinagawa ito sa gayak ng "gera sa droga" bagaman ang tunay nitong layunin ay agawin ang kontrol ng bentahan ng shabu. Ginamit itong kasangkapan upang pasunurin ang mga pulitiko sa kanyang mga dikta.

Ang mga naghaharing uri sa labas ng pambansang kabisera ay napwersang makipagtulungan at sumunod sa mga kagustuhan ni Duterte. Pero sa marami, taktika lang ito para ipreserba ang sarili habang madugong dumadaluhong ang rehimen. Gayunman, malalim ang pagkayamot nila kay Duterte dahil sa laki ng kinakaltas sa kanilang mga kontrata sa negosyo at pag-angkin ng pinakamalaking bahagi ng mga lagay at "porsyento." Pinananabikan nilang magtapos ang paghahari ng walang kabusugang katakawan ni Duterte.

Halos lubos nang nawalan ng poder ang mga lider ng oposisyon sa ilalim ng Liberal Party dahil sa maruruming taktika sa pulitika ni Duterte, at manipulasyon sa resulta ng nakaraang eleksyon. Gayunman, patuloy na nakakukuha ng suporta ang oposisyon mula sa malalaking negosyante at oligarko. Marami sa kanila ay inipit ni Duterte para magbigay ng mas malaking bahagi sa negosyo. Kamakailan, pinalakas ni Vice Pres. Leni Robredo ang kanyang pagbatikos sa gera sa droga ni Duterte.

Mistulang solido ang suporta ng militar at pulis kay Duterte lalo't binigyan sila ng mas malawak na kapangyarihan sa ilalim ng pinaigting na kampanyang kontrainsurhensya. Nagbuo si Duterte ng sarili niyang pangkat at tagasunod sa mga upisyal ng AFP at PNP sa pamamagitan ng paghirang sa kanila sa pinaglalawayang mga pwesto sa burukrasya. Gayunman, malalim ang pagkakahati ng AFP at PNP sa mga paksyon na tapat sa iba't ibang pangkating pampulitika at sindikatong kriminal. Pero, sila'y mga panatiko ng militar ng US, na hindi naman masaya sa pakikipagniig ni Duterte sa China.

Bagaman dalawang taon pa bago ang eleksyong 2022, lumalalim na ang hidwaan sa hanay ng naghaharing pangkatin. Binabantayan ni Duterte ang kanyang pansamantalang mga alyado, na mga makapangyarihan ding burukratang kapitalista at malaking oligarko. Handa silang hamunin ang iskema ni Duterte na mapalawig ang kapangyarihan o planong iluklok ang kanyang pamilya o malalapit na kaibigan. Hindi sikreto ang ambisyong magpresidente ng anak na babae ni Duterte at iba pa niyang malalapit na alyado. Mabilis silang nagkokonsolida ng sariling mga pwersa lalo't lumulubha ang kalusugan ni Duterte at inaantabayanan ang kanyang pagkamatay bago matapos ang termino.

Mas nag-iingay ang mga pwersang anti-Duterte sa US. Nagresolusyon kamakailan ang Senado ng US na hawak ng Republican Party para ipagbawal sa US ang mga upisyal na nasa likod ng pagpapakulong kay Sen. Leila de Lima. Nakipagpulong rin kamakailan ang mga upisyal ng US *embassy* kay Vice Pres. Robredo sa usapin ng gera kontra-droga na hayagang binabatikos ng ilang upisyal ng gubyernong US. Nasasabit naman sa krisis pampulitika at humaharap sa pagdinig sa *impeachment* si US President Trump, na hayagang tagasuporta ni Duterte.

Ipinailalim ni Duterte ang buong bansa sa di deklaradong batas militar sa pamamagitan ng Executive Order 70 at National Task Force. Itinuon nito ang kanyang buong gubyerno sa brutal na kontra-insurhensya na may deklaradong layuning gapiin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) bago magtapos ang kanyang termino. Gamit ang kapangyarihang batas militar, ipinatutupad ng mga pwersang militar at pulis ni Duterte ang isang malupit na kampanya ng panunupil at pasipikasyon laban sa malawak na masa sa kalunsuran at kanayunan.

Sinasakop ng mga pwersang mi-

*"Lumalalim...," sundan sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 2 | Enero 21, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Lumalalim na mga kontradiksyon sa natitirang dalawang taon ni Duterte 1

11 kaswalti, tinamo ng RPA-ABB 1

Tumulong sa Batangas—PKP 3

Gawaing rekoberi sa Leyte 4

Pagsupil sa mga Lumad ng Surigao 5

Duterte, lalupang nahihiwalay 5

Magsasaka, pinaslang sa Catarman 6

Langis at panghihimasok ng US sa Iran 7

Pagpaslang kay Soleimani, binatikos 8

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Lumalalim...," mula sa pahina 2

litar at paramilitar ang daan-daang mga baryo. Gayunman, bigo silang lubusang gapiin ang masang magsasaka at ang determinasyon nilang makibaka para sa tunay na pamamahagi ng lupa at mga reporma sa ekonomya. Sa kalunsuran, patuloy ang mga manggagawa, masang malaproletaryado at petiburges sa paggigiit ng mga karapatan at kahilingang dagdag sahod, subsidyo ng estado at iba pang kagyat na reporma sa harap ng lumalalang kalagayang pang-ekonomya.

Inilunsad ng AFP ang maigting na opensibang militar laban sa BHB gamit ang bagong mga sandatang bigay ng US. Sa kabila ng mga opensibang ito, walang yunit ng BHB ang dumanas ng malaking pinsala. Taliwas dito, gamit ang mga taktika ng pagkalat, paglipat at konsentrasyon, matagumpay na nakakokontra-kubkob ang mga yunit ng BHB. Hindi bababa sa isang batalyon ng mga tropa ng AFP ang natanggal sa larangan ng labanan noong nagdaang taon.

Masidhi ang galit ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino sa harap ng sumisirit na gastos sa pamumuhay, kawalan ng kita, lubhang mababang sahod, mapang-aping upa sa lupa, labis na mataas na interes sa pautang, di makatwirang presyo sa pagbili ng mga produktong magsasaka, di makatwirang kaayusan sa pagpapaalaga ng mga hayop, kakulangan ng subsidyo sa pampublikong edukasyon at kalusugan, imperyalistang agresyong ekonomiko, burukratikong korapsyon at pagkainutil sa harap ng mga kalamidad, pabigat na mga buwis at iba pang pang-aapi at anyo ng pagsasamantala.

Iniluluwal ng lumalalim na kontradiksyon sa ilalim ng rehimeng Duterte ang kalagayang dapat salubungin ng malawak na pagpapakilos sa mamamayan. Dapat abutin ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersa ang lahat ng nagdurusa sa ilalim ng rehimeng Duterte at tulungan silang makibaka laban sa lahat ng anyo ng pang-aaapi at pagsasamantala. Dapat patuloy na magsama-sama ang lahat ng demokratikong pwersa sa isang malapad na nagkakaisang prente para labanan ang pasistang tiraniya at mga iskema ni Duterte na manatili sa poder.

Sa kanayunan, dapat palakasin ng Partido ang BHB sa lahatang-panig na paraan. Dapat pakilusin ng BHB at lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang masa ng mahihirap na magsasaka at malaproletaryado laban sa pyudal, malapyudal at iba pang anyo ng pagsasamantala at pang-aapi, gayundin, para isulong ang kahilingan para sa demokrasya, mga kagyat na reporma at para ibasura ang mga patakarang antimagsasaka ng rehimeng Duterte. Dapat isulong ng BHB ang armadong pakikibaka upang ipagtanggol ang masa laban sa mga pasistang mang-aapi at biguin ang mga armadong opensiba ng kaaway. AB

"11 kaswalti...," mula sa pahina 1

at dalawa ang sugatan sa mga kaaway. Taliwas ito sa pahayag ni Major Cenon Pancito, tagapagsalita ng 3rd ID, na walang kaswalti sa hanay ng mga bandido.

Ang RPA-ABB ay notoryus na kasapakat ng AFP sa pagpapatupad ng kampanyang kontrainsurhensiya ng reaksyunaryong estado sa mga isla ng Panay at Negros mula pa noong dekada 1990s. AB

## Kumilos para tumulong sa Batangas—PKP

Sa harap ng malawakang dislokasyon sa ekonomya at paggambala sa buhay bunsod ng mga pagsabog sa bulkang Taal, nanawagan noong Enero 18 ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa sambayanang Pilipino at lahat ng rebolusyonaryong pwersa para tipunin ang pinakamalawak na posibleng rekursong pantulong sa daan-daan libong mamamayan ng Batangas at kalapit na mga prubinsya.

Nakidalamhati ang Partido sa malawak na masa ng mga mangingisda, magsasaka at mga manggagawang bukid na napwersang lumipat sa mas ligtas na mga lugar. Dumaranas sila ng pagdurusa dahil sa nawasak na mga bahay at pananim, pagkawala ng mga inaalagaang hayop at pagbabawal na mangisda na pawang pinagkukunan nila ng kabuhayan. Binatikos ng mga residente ang kawalan ng simpatya o konsiderasyon ng gubyerno at kawalan ng subsidyo ng estado. Noong Enero 17, pumalo na sa P3.06 bilyon ang kabuuang pinasala ng pagsabog sa sektor ng agrikultura. Pinakamalaki (P1.6 bilyon) ang naitalang pinsala sa sektor ng pangisda. Nawasak din ang bilyun-bilyong halaga ng mga pananim na kape, kakaw, niyog, palay, prutas gaya ng pinya, gulay at marami pang iba. Kalakhan ng mga sentrong ebakwasyon na kasalukuyang tinutuluyan ng mahigit 100,000 residente ay kulang ang pagkain at hindi maayos ang sanitasyon.

Ang kalamidad ay pumatong sa matagal nang mga problema sa ekonomyang pasan-pasan ng mga residente tulad ng mababang presyo ng mga ibinebentang pananim at huling isda, at hindi patas na mga kaayusan sa pag-aalaga ng manok, baboy, baka at iba pa.

Hinikayat ng Partido ang lahat ng demokratikong pwersa na magkaisa at kumilos para ibigay ang todong suporta sa mga nakaligtas sa kalamidad. Ang mga rebolusyonaryong pwersa sa Batangas at Southern Tagalog na kaanib ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ay maaaring magkoordina ng mga pagtulong upang tiyakin na lahat ng ito'y direktang mapupunta sa mga mamamayan. Ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ay maaaring magbuo ng mga pangkat para magbigay ng mga serbisyong medikal at *psycho-social* sa mga nangangailangan. AB

# Linyang masa sa gawaing rekoberi sa Leyte

Paglubog sa masa, sa masigla at tapat na pagsisilbi sa kanila—dito nakita ng mga Pulang mandirigma sa isang larangang gerilya sa Leyte sa Eastern Visayas, ang kahulugan ng pagiging tunay na hukbo ng mamamayan. Ito ang pinanghawakan nilang pampulitikang tagumpay sa gawaing rekoberi sa lugar.

Mula nang muling kumilos ang mga kasama sa lugar noong 2017, malaki na ang inabot ng kanilang yunit. Ito ang pagbabahagi ni Ka Lino, lokal na kadre ng Partido. Noong 2019, nalubugan na nila ang lahat ng bayan na saklaw ng larangan. Mas masaya sila sa gawain. Hindi nila ininda ang labis na kagipitan sa harap ng mga operasyon ng kaaway na umaabot ng isa hanggang dalawang kumpanya ang laki. Mula sa panimulang kontak na isang pamilya, maraming masa na ang naabot ngayon.

Labing-isang taong hindi naugnayan ng mga kasama ang masa. Sinamantala ito ng kaaway upang kontrolin ang lugar. Maliban dito'y pinalaki ng kaaway ang naging mga kamalian bago ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Ginawang base ng kaaway ang lugar para sa kontra-rebolusyon, at nagpakalat rito ng disimpormasyon at nagtanim ng mga tauhan sa paniktik.

Malaking hamon ang kinaharap ng mga kasama dulot ng klima ng teror at panlilinlang na nilikha ng kaaway. Kahit ano pa ang gawing pangungumbinsi ng mga kasama, walang masa na gustong humarap sa kanila. Makita lang ang mga bakas ng mga Pulang mandirigma, agad nang nagpapaabot ang masa sa militar. Dahil sa takot na akusahan ng kaaway na may kaugnayan sa BHB, pipiliin na lang ng mga magsasaka na umalis sa kanilang bukid at hindi makapaghanapbuhay. Tanong ni Ka Lino, "Paano mapupukaw at maoorganisa ang mga magsasaka kung ayaw nilang humarap sa mga kasama?"

Gutom, pagod, kagipitan sa seguridad at pagkalito ang kinaharap ng mga kasama. Hindi nila malaman kung paano pa makakaabot sa masa. May ibang nag-aalangang humarap sa masa dahil hindi alam ang tereyn at hindi nila tiyak kung mapagkakatiwalaan ang kanilang mga nauugnayang kontak. Unti-unting lumitaw ang demoralisasyon sa loob ng yunit.

Makalipas ang isang taon, tinasa ng pamunuan ng Partido ang kanilang naging estilo sa gawaing rekoberi. Natukoy nila ang mga naging kahinaan at konserbatismo sa pulitiko-militar. Higit sa lahat, natukoy ang maluwag na pagkapit sa prinisipyo ng pagiging hukbo ng mamamayan at buong loob na pagsisilbi sa masa. Nagpuna sila sa kanilang mga sarili. Nagpasya silang kailangan nila itong pangibabawan, ibalik ang kanilang kasigasigan at pagiging mapamaraan at magpursige sa pagpukaw sa masa at pagsulong sa digmang bayan.

Una muna nilang niresolba ang labis na takot ng masa. Kailangan ang simple, mabilis at madaling maunawaang propaganda na magpapaliwanag ng mga naging kahinaan ng rebolusyonaryong kilusan upang labanan ang paninira ng kaaway. Paano nila ito ginawa? "Kailangan natin itong ipakita sa ating pagkilos," ani Ka Lino. "Ipakita natin sa kanila ang mainit na pagmamahal ng BHB sa masa."



Sinamantala ng mga kasama ang bawat oras upang tumulong sa masa. Pagsapit ng dilim, tumutulong sila sa pagkopra, paglinis ng mga sakahan, pagbunot ng damo at pagtrabaho sa abakahan. "Aabot ng 2,000 oras na pagtatrabaho sa bukid ang aming ginawa na walang iniisip na kapalit," dagdag ni Ka Lino. Sa umaga, namamalayan na lang ng mga magsasaka na may nagtapos na ng kanilang mga gawain sa bukid. Walang pinili ang mga kasama kung kaninong sakahan ang kanilang tutulungan, kabilang na ang ilang kasapi ng CAFGU.

Sa kalaunan, humarap sa kanila ang mga magsasaka at nagpaabot ng pasasalamat. Magbabayad pa sana sila bilang kapalit. Pero ang tanging pakiusap lang ng BHB ay panahon na makausap sila upang magpaliwanag at magpuna sa mga naging kahinaan at kamalian sa nakaraan. Nagbigay din sila ng pampulitikang edukasyon, iminulat ang masa sa kasalukuyang kalagayan at inimbita silang makiisa sa armadong pakikibaka.

Kumalat ang balita hinggil sa ginagawa ng mga kasama at nailantad ang paninira ng mga kaaway. Para kay Ka Lino, nakita ng masa na kayang harapin ng BHB ang labis na sakripisyo para sa ikabubuti ng masa. Bumalik ang pakikipagkaisa sa kanila ng masa. Dahan-dahan ding naitayo ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa na napapakilos sa iba't ibang gawain.

Ngayon, naghahanda ang yunit at ang masa na ikasa ang kanilang kontrapyudal na kampanya laban sa hindi patas na pagtitimbang ng kopras. Positibo silang makakamit ang tagumpay dahil lubos nilang isinasapraktika ang tunay na diwa ng pagiging hukbo ng mamamayan. AB

# Patuloy na pagsupil sa mga Lumad ng Surigao del Sur




Mula nang ideklara ang batas militar sa Mindanao, hindi nawalan ng presensya ng militar sa mga baryo ng San Miguel, Surigao del Sur. Dahil ilang kilometro lang mula sa sentrong haywey, labas-masok ang militar sa mga liblib na komunidad ng mamamayang Lumad. Sa bawat operasyong tumatagal ng 10-15 araw, nagtatayo ng mga tsekpoynt, nagpapatupad ng *curfew* at blokeyo sa pagkain.

Noong Agosto 2019, inianunsyo ang pagtatayo ng 52nd Engineering Brigade ng Philippine Army ng umano'y "farm-to-market road" (kalsada patungong pamilihan mula bukid) sa lugar. Lumang tugtugin na para sa mga residente ang ganitong tipo ng mga "proyekto." Babala nila, kung hindi aalis ang mga sundalo, magbabakwit sila sa kabilang baryo.

Tukoy na ng mga Lumad ang padrong ito: umpisa na naman ng Community Service Program (CSP) ng militar. Nagsisimula ang militar sa pagbahay-bahay upang mag-*census*. Kasunod nito, pupulungin ang mga residente para takutin at sapilitang pasurenderin bilang diumano'y mga kasapi o tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Pagkatapos nito ay magtatayo na ng detatsment.

Nang magsimula ang paggawa ng kalsada, hindi masagot ng lokal na gubyerno kung kailan iyon matatapos. Hindi rin inilinaw kung aling ahensya ng gubyerno ang nagpasimuno ng naturang proyekto o kung saan magmumula ang pondo. Nakiusap na lamang umano ang lokal na mga upisyal sa mga lider ng komunidad na pahintulutan ito.

Isa lamang ang tiyak, hindi papunta sa merkado ang kalsada. Ang ruta, byahe tungong lupang paraiso: ang Andap Valley Complex.

**Lupang paraiso ng katutubo**

Ang Andap Valley Complex ang isa sa mga lupaing pinakamayaman sa mineral sa buong bansa. Sakop nito ang mga bayan ng San Miguel, San Agustin, Marihatag, Cagwait, Tago at Lianga sa Surigao del Sur. Tahanan ito ng hindi bababa sa 22 komunidad ng Lumad. Bahagi ang Andap Valley Complex ng rehiyong Caraga kung saan matatagpuan ang pinakamalaking deposito ng *nickel* at ginto sa bansa. Nasa Andap Valley Complex naman ang pinakamalaking deposito ng karbon.

Malaon nang target ng mga dambuhalang kumpanya sa mina ang yamang mineral ng Andap Valley Complex. Kabilang sa mga ito ang Benguet Corporation (pagmamay-ari ng pamilya Romualdez), PhilexMining (Pangilinan), Abacus Coal Exploration and Development Corporation (kasosyo ang pamilya Zamora), Great Wall Mining and Power Corporation (Tsino), ASK Mining and Exploration Corporation at CoalBlack Mining Corporation.

Sa bawat pagpapalit ng naghaharing rehimen, lalong ibinubukas ang lupang ninuno sa pandarambong. Bago magtapos ang termino ni Arroyo noong 2009, hindi bababa sa 35 *permit* sa eksplorasyon ang iginawad ng Department of Environment and Natural Resources sa dambuhalang mga kumpanya sa mina sa Surigao del Sur. Sa buong termino naman ni Benigno Aquino III ay nadagdagan ng may 20 ang mga *permit* sa bansa. Sa kabila ng

*"Patuloy...," sundan sa pahina 6*

### Rehimeng Duterte, lalupang nahihiwalay

BUNSOD NG TUMITINDING pagkahiwalay ng rehimeng Duterte dahil sa malulubhang paglabag nito sa karapatang-tao, ipinasa ng US Senate noong Enero 8 ang resolusyon na kumukundena sa ekstrahudisyal na mga pagpaslang ng rehimen sa mga mamamayan sa tabing ng "gera kontra droga." Kinundena rin ng mga senador ang pagdakip sa mga tagapagtanggol ng karapatang tao, pagkakakulong ni Sen. Leila de Lima at panggigipit sa midya.

Hiningi sa resolusyon na ipatupad ni US Pres. Donald Trump ang Magnitsky Act. Nakasaad sa batas na maaaring magpataw ng sangksyon ang US laban sa mga dayuhang upisyal na itinuturing nitong may malulubhang kaso ng paglabag sa karapatang-tao. Sa bisa nito, maaaring ipagbawal ng US ang pagpasok sa bansa ng nasabing mga upisyal, gayundin ang pagpasok o paggamit ng mga upisyal sa kanilang mga ari-arian sa US.

Maging ang mga myembro ng parlamento ng EU at ang gubyernong Canada ay nagpahayag na rin ng pagsasabatas ng sariling mga bersyon ng Magnitsky Act.

Noong Disyembre 2019, kinansela ng US ang *visa* (dokumento para makapasok sa ibang bansa) ni Sen. Ronald dela Rosa, dating kanang kamay ni Duterte sa kanyang huwad na gera kontra droga. Ipinatupad ito alinsunod sa Asia Reassurance Initiative Act (ARIA) ng US. Naglaan ang batas na ito ng $1.5 bilyong pondo sa mga bansa sa Indo-Pacific para palawigin ang hegemonya ng US sa rehiyon. Partikular nitong ipinagbawal ang pagtustos sa kampanyang anti-droga ng Philippine National Police. AB

# Lider-magsasaka, pinaslang sa Catarman

Binaril at napaslang ng pinaghihinalaang mga ahente ng 8th ID si Jennifer Tonag sa Barangay Ipil-ipil, Catarman noong Enero 17. Si Tonag ay konsehal ng Barangay Sumuroy, Lope de Vega. Galing ang biktima sa isang seminar sa upisina ng Department of Interior and Local Government nang paslangin. Kilala si Tonag bilang lider magsasaka sa kanilang komunidad at aktibong kasapi ng Northern Samar Small Farmers Association.

Naiulat din sa parehong araw ang panununog ng mga elemento ng 43rd IB sa bahay ni Raul Deantonio sa Lope de Vega.

Noong Enero 18, kinubkob ng mga tropa ng 20th IB ang Barangay Osmeña, Palapag, Northern Samar. Kinordon at pinalibutan ng mga sundalo ang Sityo Canunghan at iba pang mga sityo ng barangay. Tinipon ng mga sundalo ang mga residente at pinilit na sumuko bilang mga kasapi ng BHB. Nagpaputok ng baril ang mga sundalo na ikinatakot ng mga residente. Sapilitan ding hinalughog ang bahay ng residenteng Jocelyn Baloya.

Hanggang sa kasalukuyan ay nakakampo pa rin ang mga sundalo sa nasabing sityo. Isa-isang iniinteroga ng mga sundalo ang mga residente. Hinaharang din ang pagpasok ng pagkain sa komunidad. Tinatayang 50 pamilya ang nagbakwit dulot nito.

Iligal namang inaresto ng 87th IB si Pamfilo Labong sa kanyang sakahan sa Barangay Calundan, San Jorge, Samar noong Enero 16. Dinala siya sa kampo ng 87th IB sa Barangay Irinas ng nasabing bayan. Binugbog ng mga sundalo ang biktima habang isinasailalim sa interogasyon. Matapos nito ay dinala siya sa San Jorge Police Station at sinampahan ng gawa-gawang kaso. Ibang pangalan ang nakasaad sa mandamyentong ginamit laban sa kanya nang siya ay arestuhin.

Sa Iloilo, mahigit 100 pinagsanib na tropa ng Philippine (PNP)-Mobile Force Company, Mobile Force Battalion at 61st IB ang humalihaw sa mga komunidad ng Tubungan at Leon, Iloilo mula Enero 12 hanggang 18.

Dinahas naman ng tropa ng 61st IB at CAFGU ang isang pamilyang magsasaka sa Barangay Alimodias, Miag-ao noong Enero 14. Naabutan ng mga berdugo ang may-ari ng bahay, isang matandang lalaki kasama ng kanyang manugang na babae. Tinutukan sila ng baril at ininteroga ng mga sundalo. Dulot ng takot, ilang araw na hindi makakain at makapagtrabaho ang pamilya. AB

---

*"Patuloy...," mula sa pahina 5*

mga ito, nabigo silang pasukin ang Andap Valley Complex dahil sa nagkakaisang pagtutol ng mga komunidad ng Lumad.

Nang maluklok sa kapangyarihan, mismong si Duterte ang nag-endorso ng mga kapitalistang papapasukin sa lupang ninuno. Noong Pebrero 2018, tahasan siyang nag-utos sa Armed Forces of the Philippines na atakehin ang mga komunidad sa Andap Valley Complex. Nagbanta rin siya ng dislokasyon sa mga Lumad. Nararapat lamang daw silang targetin ng militar dahil sakop sila ng mga teritoryong diumano'y pinagpupugaran ng BHB.

**CSP para sa minahan**

Sa Andap Valley Complex, kung saan balak mag-opereyt ang nabanggit na mga kumpanya, hindi bababa sa limang batalyon ang estratehikong nakapuwesto. Kabilang sa mga ito ang 75th, 36th, 88th, 16th at 3rd Special Forces Battalion, na pawang nasa ilalim ng 402nd Brigade.

Nagsisilbi ring pribadong hukbo ng mga kumpanya sa mina ang mga grupong paramilitar. Binuo ng AFP ang mga grupong ito mula sa hanay ng mga Lumad upang buwagin ang kanilang pagkakaisa. Kabilang sa mga ito ang mga grupo nina Calpet Egua, Marcos Bocales, Marcial Belandres at Hasmin Acevedo, ang Magahat-Bagani at Task Force Gantangan-Bagani Force.

Pinangungunahan ng 402nd Brigade ang Caraga Regional Task Force to End Local Communist Armed Conflict (RTF-ELCAC). Kabilang sa mga pangunahing programa nito ang mga CSP. Ipinatutupad ito sa loob ng tinaguriang mga Peace and Development Zone (PDZ) o kumpon ng mga komunidad na umano'y apektado ng armadong tunggalian. Isa ang Andap Valley Complex sa mga itinuturing na PDZ kung saan balak ipatupad ang Andap Valley Site Integrated Area Development Plan at iba pang proyektong target ang yamang mineral ng lugar.

Sa ilalim ni Duterte, tumindi ang paghahari ng teror ng militar sa Mindanao. Sa Caraga, hindi bababa sa 22 ang ekstrahudisyal na pinaslang mula 2016-2019. Maliban dito, 30 ang iligal na inaresto, habang ilang libo ang biktima ng sapilitang pagbakwit sa mga komunidad. Sa loob lamang ng 2018, dalawang ulit na sapilitang nagbakwit ang 15 komunidad sa magkatabing bayan ng Lianga at San Luis. Nagpatupad ang militar ng blokeyo sa pagkain at ipinagbawal ang pagpasok ng mga makataong organisasyong nais tumulong sa mga biktima. Sa kabila ng mga ito, nananatiling mahigpit ang pagkakaisa at paglaban ng mamamayang Lumad.

Sa tabing ng kontra-insurhensya, binibigyang pokus ang pag-atake at *red-tagging* sa mga komunidad ng Lumad upang uk-ukin ang kanilang pagkakaisa laban sa pasismo at pandarambong. Sa pamamagitan ng RTF-ELCAC, gagamitin ng AFP ang mga CSP bitbit ang mga pakanang proyektong tulad ng mga "farm-to-market road" upang hawanin ang daan para sa mga dayuhang kumpanya sa mina. AB

# Langis at ang kasaysayan ng imperyalistang panghihimasok ng US sa Iran

Ang pagpaslang kay Iranian General Qassem Soleimani noong Enero 3 ay huli lamang sa napakahabang listahan ng mga krimen ng US sa Iran. Ito ay isang desperadong pakana ng US para pwersahin ang Islamic Republic of Iran na sumunod sa mga dikta nito nang sa gayo'y lumawig ang hegemonya at pandarambong nito sa Middle East.

Pangunahing pinaglalawayan ng US ang napakayamang rekursong langis ng Iran. Ang Iran ay may 155.6 bilyong bariles ng reserbang langis na ikaapat na pinakamalaki sa buong mundo. Tinatayang 10% ito ng kabuuang pandaigdigang reserba ng langis.

Ang mahigit isang siglo nang panghihimasok at tangkang pagparalisa ng mga imperyalista sa industriya ng langis ng Iran ang nagtutulak sa mamamayang Iranian na makibaka. Ang ekonomikong pakikibakang ito ang nagsisilbing pundasyon ng kanilang pakikibaka para sa pambansang soberanya.

**Kudeta laban kay Mossadeq**

Nagsimula ang interbensyong US sa Iran nang kasapakatin ito ng Britain sa paglulunsad ng Operation Ajax noong 1951 na naglayong patalsikin si Iran Prime Minister Mohammad Mossadeq sa poder. Ito ay matapos niyang itatag ang National Iranian Oil Company (NIOC) at isabansa ang industriya ng langis na mula 1901 ay monopolisado ng Anglo-Iranian Oil Company (AIOC) ng Britain. Para gipitin ang ekonomya ng bansa, sinulsulan ng Britain ang iba pang mga bansa na iboykot ang ineeksport na langis ng Iran.

Nalantad na nagdeploy ang US ng mga ahente ng Central Intelligence Agency (CIA) sa Iran mula 1951 hanggang 1953 para isagawa ang kampanyang destablilisasyon laban kay Mossadeq. Nagpanggap ang mga ahente bilang mga komunistang tagasuporta ni Mossadeq at naglunsad ng mga pang-aatake at pambobomba laban sa mga Muslim sa Iran. Nagpalaganap ang US ng anti-komunistang sentimyento at lumikha ng multo ng terorismo sa Iran. Ito ang isinangkalan ng US at ng Britain para bigyang katwiran ang kanilang interbensyon. Noong 1953, nagpakana ang mga imperyalista ng isang kudeta na humantong sa pagpapatalsik kay Mossadeq. Sinuportahan din ng papet na *shah* (hari) ng Iran na si Mohammad Reza Pahlevi ang kudeta para palawigin ang kanyang diktadura at makuha ang suporta ng mga imperyalista.

Alinsunod sa dikta ng mga imperyalista, niliberalisa ni Pahlavi ang industriya ng langis at itinatag niya ang Iranian Oil Participants Ltd. Pinagmay-arian ang konsorsyum na ito ng mga multinasyunal na British Petroleum na noo'y ang AIOC (40%); ng tinaguriang "Big Five" ng US na kinabibilangan ng Gulf Oil, Socal, Esso, Socony at Texaco (40%); British-Dutch Royal Dutch Shell (14%); at Compagnie française des pétroles o Total (6%). Pinahintulutan ng rehimeng Pahlavi ang dayuhang mga kumpanya na pangasiwaan ang operasyon ng kumpanya sa loob ng 25 taon.

**Rebolusyong Iranian**

Sa harap ng tumitinding krisis sa ekonomya at bilang paglaban sa pagpapakatuta ni Pahlavi sa mga imperyalista, inilunsad ng mga mamamayan ang Rebolusyong Iranian noong 1979. Rumurok ang mga demonstrasyon at welgang bayan sa pagpapatalsik at pagpapalayas kay Pahlavi sa bansa noong Enero 17, 1979. Matapos ang dalawang linggo, itinanghal si Ayatollah Khomeini bilang lider ng Iran. Itinatag niya, sa bisa ng isang reperendum, ang Islamic Republic of Iran noong Abril 1, 1979.

Nang mapaso ang kontrata ng Iranian Oil Participants Ltd. sa parehong taon, muling isinabansa ni Khomeini ang industriya ng langis sa Iran. Ikinagalit ng US ang hakbang na ito. Para bawiin ang kontrol nito, muling nagpakana ang US ng kudeta laban sa rebolusyonaryong gubyerno ni Khomeini. Subalit binigo ito ng mga estudyanteng Muslim na sumugod sa embahada ng US noong Nobyembre 4, 1979. Kinontrol nila ang embahada at binihag ang 52 kawani nito para itulak ang US na itigil ang panghihimasok nito.

Isinangkalan ng US ang hakbang na ito para magpatupad ng mga sangksyon laban sa Iran. Kabilang na rito ang pagbawal sa Iran na kunin o gamitin ang mga reserbang ginto nito sa mga bangko ng US, pagbabawal sa mga Amerikano na bumili o makipagnegosyo sa mga kumpanyang Iranian, at marami pang iba. Matapos ang 444 na araw, pinakawalan ng Iran ang mga bihag sa kundisyong ititigil ng US ang militar at pulitikal na panghihimasok at ekonomikong panggigipit nito sa Iran.

**Digmaang Iran-Iraq**

Aktibo rin ang naging papel ng US sa Digmaang Iran-Iraq na tumagal mula 1980 hanggang 1988 at nagresulta sa halos isang milyong sibilyang kaswalti sa dalawang bansa. Sa digmaang ito, sinulsulan at sinuportahan ng US si Saddam Hussein upang sakupin ang Iran. Para durugin ang Iran, nagbigay ito ng bilyun-bilyong dolyar na ayuda, suportang paniktik, mga armas at maging mga sangkap sa paggawa ng mga armas kemikal na ipinagbabawal ng batas ng digma. Aabot sa 90 na tagapayong militar ng US din ang direktang nagdirehe sa mga operasyon ng mga pwersang Iraqi.

Ikinasa rin ng US ang Operation Praying Mantis sa kasagsagan ng digmaan noong 1988 matapos na

*"Langis...," sundan sa pahina 8*

# Pagpaslang ng US kay Soleimani, binatikos

Malawakang binatikos ng mga mamamayan sa iba't ibang panig ng daigdig ang pagpaslang ng mga tropang US kay Iranian General Qassem Soleimani sa Baghdad, Iraq noong Enero 3 alinsunod sa mando ni Pres. Donald Trump. Tinarget ng mga misayl ang komboy ng mga sasakyang lulan si Soleimani at iba pang mga upisyal militar ng Iran at milisya ng Iraq. Agad na nasawi si Soleimani at ng siyam na iba pa.

Ayon sa International League of Peoples' Struggle (ILPS), ang nasabing aksyong militar ay lantarang pagyurak sa pambansang soberanya ng Iraq at Iran, at paglabag sa internasyunal na batas lalupa't walang inilabas na paunang deklarasyon ng digma ang US. Pilit na pinalabas ni Trump na pakay lamang umano niyang pigilan ang isang "napipintong teroristang atake" na pinaplano nina Soleimani. Ito ay kahit pa walang maipakitang ebidensya ang rehimeng Trump.

Para sa mga Iranian, si Soleimani ay isang bayani at hindi terorista. Isa siya sa mga pinakamahusay at pinakamagiting na estratehista ng Iran na lumaban sa mga teroristang grupo gaya ng Islamic State, Al Nusra at Al Qaeda, na ginagamit ng imperyalismong US sa mga gerang agresyon nito sa Middle East. Si Soleimani at ang kanyang mga kasamahang Iranian at Iraqi ay aktibong nakipaglaban sa Iraq at Syria mula pa nang buuin at ideploy ng US at Israel ang Islamic State bilang sandata para sakupin ang Iraq, Iran at Syria.

Isang araw matapos ang pagpaslang kina Soleimani, muling nagbanta si Trump na mayroon pa umanong 52 target na wasakin ang US sa Iran, kalakhan ay mga istrukturang kultural. Mariing kinundena ng Human Rights Watch ang banta. Anito, dapat na bawiin ni Trump ang kanyang pahayag sapagkat labag sa batas ng digma ang sadyang pang-aatake sa mga pangkulturang imprastruktura na hindi naman ginagamit sa digmaan.

**Mga protesta**

Pinangunahan ng Migrante International ang isang protesta sa harap ng Department of Foreign Affairs sa Manila noong Enero 10 para ipahayag ang kanilang pangambang madamay sa kaguluhan ang 2.4 milyong migrante na kasalukuyang nagtatrabaho sa Middle East. Binatikos din nila ang plano ng rehimeng Duterte na magpadala ng dalawang batalyon. Humarap din si Sec. Teodoro Locsin Jr. sa mga raliyista, subalit imbis na tugunan ang kanilang panawagan ay nang-uyam lamang siya.

Bilang pakikiisa sa mamamayang Iranian, nagmartsa ang iba't ibang progresibong grupo sa harap ng US Embassy noong Enero 6 upang kundenahin ang panggegera ng imperyalistang US sa mga bansa gaya ng Iran. Ayon sa Kilusang Mayo Uno, walang ibang makikinabang sa gerang ito kundi ang rehimeng Trump at mga multinasyunal na kumikita sa pagprodyus ng mga kagamitang pandigma. Nagprotesta rin noong Enero 4, ang mga kasapi ng BAYAN-USA sa protesta kontra gera sa Los Angeles, California. AB

*"Langis...," mula sa pahina 7*

masabugan ng bomba ang isang barkong pandigma ng US sa Persian Gulf. Sa operasyong ito, sinalakay at binomba ng mga tropang US ang dalawang *oil rig* ng Iran sa nasabing golpo. Tinatayang nagpoprodyus ang winasak na mga pasilidad ng 150,000 bariles ng langis kada araw.

**JCPOA at mga sangksyon ng US**

Noong 2002, muling binuhay ng US ang mga sangksyon nito laban sa Iran. Isinangkalan ng US ang banta na lumilikha umano ng armas nukleyar ang Iran.

Napawalambisa lamang ang mga sangksyon noong 2015 nang pumirma ang Iran sa Joint Comprehensive Plan of Action (JCPOA). Ito ay isang kasunduan na pinirmahan din ng US, Russia, France, China at Germany para limitahin ang kani-kanilang mga programang nukleyar. Gayunman, noong 2018, unilateral na ibinasura ng US ang kasunduang ito.

Noong 2019, nagpatupad si US Pres. Donald Trump ng mas marami at mas mabagsik na mga sangksyon laban sa Iran. Nagbanta rin siya sa ibang mga bansa na mag-aangkat ng langis mula rito. Layunin ni Trump na tuluyan nang pabagsakin ang eksport ng langis ng Iran nang gayo'y maagaw ng US ang pamilihan nito.

Ito ang isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit bumagsak ang produksyon ng langis sa Iran nang higit kalahati mula 4.6 milyong bariles kada araw noong Enero 2018 tungong 2.1 milyon noong Oktubre 2019.

Gayunpaman, bigo ang US na pasunurin ang ibang mga bansa sa dikta nitong huwag mag-angkat ng langis mula Iran. Ngayong buwan, naiulat na umaabot sa 577,000 bariles kada araw ang inieksport ng Iran sa China at Syria pa lamang.

Noong Hulyo 2019, sumirit ang mga presyo ng mga bilihin sa Iran nang 40.4%. Ang nasabing abereyds na tantos ng implasyon ang pinakamataas na naitala sa Iran mula pa noong Enero 1996. Ang problemang ito ay pangunahing pasan-pasan ng mayoryang mahihirap.

Samantala, tumaas din ang presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan noong Enero 3 matapos ang pagpaslang kay Soleimani. Ang abereyds na presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan ay pumalo sa $69.16 kada bariles, ang pinakamataas na naitala mula Setyembre 17. AB